www.kidsworship.kr

16st Story

# Mabuhay tayo sa pagpapalaganap ng kaharian ng Diyos!



**Narration** Si Apostol Pablo, na pumunta sa Roma upang hatulan, ay sumakay sa isang bangka at umalis kasama ang ilang mga bilanggo. Nang sila'y papuntang Roma, kinailangang tumigil ng bangkang sinasakyan nila sa may pook na tinatawag na Mabuting Daungan na malapit sa bayan ng Lasea dahil nahirapan sila sa paglalakbay..

**Paul** Ang paglalakbay na ito ay tila mapanganib, dahil pasalungat ang hangin. Sa tingin ko kailangan natin manatili dito ng ilang araw at maghintay para sa pagbuti ng panahon.

**Captain** Ahhhh!!!! nagkakamali ka!! ang aking bangka ay matibay para sa malakas na hangin. Pwede na tayong umalis ngayon mismo!! Tayo na at maglayag, walang magiging problema!

**Centurion** Ayayyyy! Captain! Ang ating kapitan ang marunong sa dagat, kaya wag ka nang makialam 24604, wala ka namang alam.



**Narration** Nagpalaot muli ang barko. Pero hindi ito nagtagal.

**Captain** Wooohhhh!!! may bagyo! May malaking alon na paparating! Humawak kayong lahat ng mabuti.

**Sailors** Ohhhhh!!! Kapitan, bakit ganito! Mahuhulog tayong lahat! Baka mamatay tayo!!!!

**Narration** Nanganib ang barko dahil sa malakas na ulan at hangin. Ang barko ay hinahampas ng malakas na alon. Kahit ilang araw na ang lumipas, hindi parin humupa ang bagyo. Natakot ang lahat at wala silang magawa.

**Prisoner 1** Oh, mamamatay na ba ako ngayon? Malulunod ba ako sa dagat? Mamamatay ba ako sa gutom? Magiging pagkain ba ako ng isda? Nanay ko po.. (Umiiyak)

**Prisoner 2** Ahhhhh!!!!! nasusuka ako!!! uuowk!! uuowk!!… nahihilo ako…

**Sailor 1** Ahhhh!!! wala nang pag-asa, hindi ko na makikita ang araw at buwan… mamamatay na tayo ngayon dito…

**Narration** Habang ang lahat ay natatakot sa kamatayan at kawalan ng pag-asa…




**Paul** (Sa isang mahirap ngunit tiwala na boses) Huwag kayong matakot. Walang mamamatay. Kagabi! Ang Diyos ay nangusap sa akin sa pamamagitan ng isang anghel.

**Angel** Huwag kang matakot, Pablo, dahil kailangan mong pumunta sa Emperador ng Roma, at ang mga taong ito na kasama mo ay ligtas ring makakarating sa Roma.

**Paul** Kaya nga mga kapatid, lakasan niyo ang inyong loob. Naniniwala ako na ito ay magkakatotoo ayon sa Salita ng Diyos.

**Prisoner 1** Maniniwala ba ako sa sinabi mo?




**Narration** Labing-siyam na araw ang lumipas mula nang magsimulang maglayag ang bangka nila Pablo.. Sa wakas!!! ang bangka ay nakarating sa isang isla. At ang lahat ng tao sa bangka ay ligtas na nakababa.

**People** wow!! Buhay ako!! Nabuhay ako, nabuhay ako! Wawwww!!!! Buhay ako..

**Sailor 1** Yey yey yehey.. Ang lahat ng sinabi sa atin ni apostol Pablo ay totoo.




**Sailor 2** Sa palagay ko totoo talaga si Jesus, na sinasabi ni Pablo. Mula ngayon makikinig na ako kay Pablo.

**Narration** Ang mga taong nag-aakalang sila ay mamamatay na, ngayon ay lubusang naniwala sa mga salita ni Apostol Pablo. Ang isla na kanilang narating habang inaanod ay isang isla na tinatawag na “Malta”



**Paul** Dito!!! ito ang··· Mal··· Mallleeee··· Ahh Isla ng Malta···!

**Jailer 1** Hmmm!!! Yun, Yun yata ang bahay ng punong opisyal ng isla na ito!!!


**Narration** Ang pinuno sa pulong iyon ay isang nagngangalang Publio. Ang ama ni Publio ay nagkataong nakaratay dahil sa lagnat at sakit sa tiyan.



**Father** (Nakakaramdam ng init) Ahhhh··· Ang init··· Makati din··· Alisin ninyo ang kumot··· Paki-usap···

**Publius** Itay!!!!! Itay!!! (Habang umiiyak)

**Narration** Nang makita ito ni Apostol Pablo, ipinatong niya ang kanyang kamay sa may sakit at gumaling ito.



**Father** Ahhhh!! ang presko na ng pakiramdam ko.. Sa wakas wala na ang sakit ko..

**Narration** Dahil sa pangyayaring iyon, ang lahat ng may sakit sa isla ay pumunta kila Pablo at pinagaling din sila.

**Patient 1** Apostol Pablo, lagi po masakit ang aking tiyan at nabali pa ang aking kamay, pwede bang pagalingin mo ito.



**Patient 2** Apostol Pablo, sumakit po ang likod ko, at ngayon hindi na ako makalakad mag-isa.

**Narration** Ang mga taga-isla ay lubos na nagpasalamat sa ginawa ni Pablo. Nang paalis na sila, ang kanilang bangka ay napuno ng regalo at nang iba pang mga kailangan nila sa paglalakbay.




**People** (Lahat) Salamat~ Paalam~ Hindi namin kayo malilimutan~ Bye bye~

**Narration** Tumanggap si Pablo ng espesyal na pagtrato sa Roma, kumuha siya ng paupahang bahay at nanatili doon ng dalawang taon. Tinanggap niya ang lahat ng lumapit sa kanya at walang naging hadlang, ipinahayag niya ang kaharian ng Diyos at nagturo siya tungkol kay Jesu-Cristo. Ayon sa kasaysayan, ipinangaral niya si Jesus at ang kaharian ng Diyos hanggang sa araw na siya ay namatay bilang martir sa Roma.